www.kidworship.kr

# Mangingisda ng mga Tao

– 4th Story–



22Page

N A R  Isang araw, lumabas si Jesus sa Lawa ng Galilea kung saan kasalukuy-ang nangingisda si Pedro kasama ng kanyang kapatid na si Andres.

Peter  Lumabas na kayo mga isda! Magdamag na kaming gising pero wala pa ring huli kahit isa! Haayy!

N A R  Bigong iniwan nila Pedro at Andres ang kanilang bangka sa tabi ng lawa at hinugasan ang kanilang lambat



23Page

N A R  Dumating si Jesus sa tabi ng lawa. Sumunod sa Kanya ang maraming tao. Sumakay si Jesus sa bangka ni Pedro at sinabi:

Jesus  Pwede mo bang itulak ng kaunti sa tubig?

N A R  Ginamit ni Pedro ang sagwan para maitulak ng kaunti ang bangka mula sa tabing-dagat. Itoý para makita si Jesus ng lahat ng taong naroron. Nagsalita si Jesus sa maraming tao tungkol sa kaharian ng langit. Nang matapos syang magsalita, sinabi Nya kay Pedro:

Jesus  "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat ninyo, at makakahuli kayo ng isda."

Peter  "Guro, magdamag po kaming nangisda pero wala kaming nahuli. Pero dahil sinabi ninyo, ihuhulog ko ulit ang lambat."

N A R  Sila Pedro at Andres ay matagal nang mga mangingisda. Magdamag silang nangisda pero wala silang nahuli kahit isa. Ganunpaman, si-nasabi ni Jesus na ihulog nila ulit ang kanilang mga lambat. Maaaring nilang pagtawanan lang si Jesus pero hindi iyon ang ginawa nila. Sa halip, nakinig sila sa Kanya at sinunod ang sinabi Niya.




24Page

Peter  Ha!Ha!....Woah!! Ano to? Wow, paano nangyari 'to?

N A R  Nagulat sila Pedro at Andres. Puno ng isda ang kanilang mga lambat. Nakahuli sila ng maraming isda, kaya't halos mapunit ang kanilang mga lambat. Nakita nila Santiago at Juan ang nangyari dahil malapit lang sila. Napaluhod lahat sila. Sinabi ni Jesus sa kanila:

Jesus  "Mula ngayon, hindi na isda ang huhulihin nyo kundi mga tao na upang madala sila sa Dios."

N A R  Hinila nila ang kanilang bangka sa tabi ng lawa, iniwan ang lahat at sumunod kay Jesus. Lahat sila Pedro, Andres, Santiago at Juan ay naging mga tagasunod ni Jesus.


26Page


27Page

N A R Isang araw, nakita ni Jesus ang isang lalaking nagngangalang Mateo. Isa syang maniningil ng buwis. Nang panahong iyon, ang mga maniningil ng buwis ay kinamumuhian dahil sa pangongolekta nila ng sobra–sobra. Itinuturing ng mga tao na makasalanan si Mateo pero lumapit si Jesus sa kanya at kinausap siya.

J e s u s “Sumunod ka sa akin.”

N A R Tumayo naman si Mateo, iniwan ang lahat at sumunod kay Jesus. Nang makita ng mga Pariseo na kumakain si Jesus sa bahay ni Mateo kasama ang maraming maniningil ng buwis at makasalanan, nagsim–ula silang magbulong–bulungan.

Pharisees Hmmm. Jesus, Bakit kumakain kang kasama ang mga makasalanan.

J e s u s “Hindi ang mga walang sakit ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga may sakit. Naparito ako hindi upang tawagin ang mga taong matuwid sa kanilang sariling paningin, kundi ang mga makasalanan.”

N A R Kaya tinawag ni Jesus lahat nang labindalawang alagad. Sumunod sa Kanya ang mga ito sa loob ng tatlong taon at marami silang na–tutunan sa Kanya.

.............................................................................................

N A R At nang bumalik na si Jesus sa langit, ipinagpatuloy nang Kanyang mga alagad ang gawaing sinimulan Nya sa mundo. Tulad ni Jesus –––ipinangaral nila ang paghahari ng Diyos at pinagaling ang mga may sakit.